

Ang Pag-una ng Pagmamahal sa Allah ﷻ at sa Kanyang Propeta ﷺ

الخطبة الأولى:

O kayong mga Mananampalataya! Tunay na ang pagmamahal sa Allah ﷻ at sa kanyang Propeta ﷺ ay pundasyon at basihan ng Relihiyong Islam, at kondisyon upang tanggapin ang Pananampalataya (Iman), ganun din ang pagmamahal sa mga taong minamahal ng Allah at ng kanyang Sugo, at ang pagkamuhi sa mga taong kinamuhian ng Allah at ng kanyang Sugo, at katiyakan ang gawaing ito ang siyang dahilan upang makamit ng mananampalataya ang dakilang tagumpay dito sa mundo at sa kabilang buhay, at tunay na hindi magiging kompleto ang pananampalataya ng bawat isa hanggang sa maging mas kaibig-ibig sa kanila ang Propeta kaysa sa kanilang mga anak, magulang, pamilya at sa lahat ng sangkatauhan. Sinabi ng Allah ﷻ:

قُلْ إِنْ كَانَ آبَاؤُكُمْ وَأَبْنَاؤُكُمْ وَإِخْوَانُكُمْ وَأَزْوَاجُكُمْ وَعَشِيرَتُكُمْ وَأَمْوَالٌ اقْتَرَفْتُمُوهَا وَتِجَارَةٌ تَخْشَوْنَ كَسَادَهَا
وَمَسَاكِينُ تَرْضَوْنَهَا أَحَبَّ إِلَيْكُمْ مِنَ اللَّهِ وَرَسُولِهِ وَجِهَادٍ فِي سَبِيلِهِ فَتَرَبَّصُوا حَتَّى يَأْتِيَ اللَّهُ بِأَمْرِهِ ۗ وَاللَّهُ لَا

يَهْدِي الْقَوْمَ الْفَاسِقِينَ [التوبة: 24]

“Ipagbadya mo O Muhammad! kung ang inyong mga magulang, mga anak, mga kapatid, mga asawa, pamilya, kayamanan na inyong nalikom, mga negosyo na inyong pinangangambahan na malugi, at ang mga tirahanan na inyong naiibigan ay mas kaiibig-ibig sa inyo kaysa sa Allah, sa kanyang Sugo, at sa pakikibaka sa landas ng Allah, kung gayon, kayo ay maghintay hanggang sa ibaba ng Allah ang kanyang kapasyahan(pagpaparusa). At ang Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na Al-fasiqun (palasuway sa Allah).”

“At sa Hadeeth ng Propeta ﷺ kanyang sinabi

(ثلاث من كنَّ فيه وجد بهنَّ طعم الإيمان، أن يكون الله ورسوله أحبَّ إليه ممَّا سواهما) (متفق عليه)

“Tatlong bagay na kung saan kapag ito’y nasa isang tao ay malalasap niya ang tunay na tamis ng pananampalataya, Ang maging ang Allah ﷻ at Kanyang Sugo ang siyang pinakamamahal niya kaysa sa lahat ng bagay”

At sinabi rin ng Propeta ﷺ:

(لا يؤمن أحدكم حتى يكون أحب إليه من نفسه وولده ووالده والناس أجمعين) متفق عليه

“Tunay na hindi magiging kompleto ang pananampalataya ng bawat isa hanggang ako ay mas maging kaiibig-ibig sa inyo kaysa sa inyong mga sarili, mga anak, mga magulang at sa lahat ng sangkatauhan”

At tunay na nakasaad sa Qur'an na pinagbawalan ng Allah ﷻ ang mga mananampalataya na kanilang pangunahan ang Allah ﷻ at ang Kanyang Propeta ﷺ, Sinabi ng Allah ﷻ:

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا لَا تَقْدِمُوا بَيْنَ يَدَيِ اللَّهِ وَرَسُولِهِ ۗ وَاتَّقُوا اللَّهَ ۚ إِنَّ اللَّهَ سَمِيعٌ عَلِيمٌ [الحجرات: 1]

“O kayong mga mananampalataya! Huwag ninyong gawin sa inyong sarili na pangunahan ang Allah at ang kanyang Sugo, datapuwa't pangambahan ninyo ang Allah. Katotohanan ang Allah ang Ganap na Nakakarinig at Ganap na nakakabatid sa lahat ng bagay.”

At sa talatang ito ay isang maliwanag na panawagan ng Allah sa mga mananampalataya na ipinagbawal na pangunahan nila ang Allah ﷻ at ang Kanyang Propeta ﷺ, sundin ang lahat ng kanilang pinag-uutos, at kabilang sa gawaing pangunguna sa Allah at sa kanyang Sugo, Ang unahin ang pagmamahal ng iba kaysa sa kanilang pagmamahal, o ang unahin ang mga bagay na kaniyang ninanais kaysa sa mga bagay na minamahal at ninanais ng Allah ﷻ at ng kanyang Sugo, dahil ito ay ang magtutulak sa kanya upang gawin ang bagay na kanais-nais, ngunit kapag ang isang bagay ay kanais-nais sa isang tao ngunit hindi naman ito kanais-nais sa paningin ng Allah ﷻ tunay na ang bagay o gawain na ito ay magiging dahilan upang siya ay hindi mahal ng Allah sapagkat inuna niya ang mga bagay na ginusto ng kanyang sarili na hindi ito ginusto ng Allah para sa kanya, at pinili ang kanyang kagustuhan sa mga bagay na hindi kalugud-lugod sa Allah ﷻ dahil alam ng Allah ﷻ na ang bagay na kanyang pinili ay hindi makapagbibigay sa kanya ng kapakinabangan bagkus ito ay magsisislbing kapahamakan.

At sa hadeeth na ating binanggit kanina: **(Tatlong bagay na kung saan kapag ito'y nasa isang tao ay malalasp niya ang tunay na tamis ng pananampalataya, Ang maging ang Allah ﷻ at Kanyang Sugo ang siyang pinakamamahal niya kaysa sa lahat ng bagay.)** kung sinuman ang minahal ang Allah ﷻ at ang kanyang Sugo nang tunay at lubos na

pagmamahal sa kanyang puso; nararapat lamang na mahal niya ang mga tao na mahal ng Allah ﷻ at ng kanyang Sugo at kamuhian ang mga taong kinamuhian ng Allah ﷻ at ng kanyang Sugo.

At ang Talata na ating binanggit din kanina:(**“Ipagbadya mo O Muhammad! kung ang inyong mga magulang, mga anak**) ito ay maliwanag na katibayan na Wajib(obligado) na unahin ang pagmamahal sa Allah ﷻ at kanyang Propeta ﷺ kaysa sa ibang bagay. At ayon kay Qurtubi:”Tunay na ang talatang ito ay katibayan na Wajib ang pagmamahal sa Allah at sa kanyang Sugo at nagkaisa ang lahat ng Ummah(nasyon) na ang pagmamahal nila ay mas nangingibabaw kaysa sa lahat ng bagay. At ito ay tumtukoy din na ang Allah ay nagbabala sa sinumang kanyang unahin o mas mangibabaw ang kanyang pagmamahal sa ibang bagay kaysa sa Allah at sa kanyang Sugo; dahil sinabi ng Allah:

قُلْ إِنْ كَانَ آبَاؤُكُمْ وَأَبْنَاؤُكُمْ وَإِخْوَانُكُمْ وَأَزْوَاجُكُمْ وَعَشِيرَتُكُمْ وَأَمْوَالٌ اقْتَرَفْتُمُوهَا وَتِجَارَةٌ تَخْشَوْنَ كَسَادَهَا
وَمَسَاكِينُ تَرْضَوْنَهَا أَحَبَّ إِلَيْكُمْ مِنَ اللَّهِ وَرَسُولِهِ وَجِهَادٍ فِي سَبِيلِهِ فَتَرَبَّصُوا حَتَّى يَأْتِيَ اللَّهُ بِأَمْرِهِ ۗ وَاللَّهُ لَا
يَهْدِي الْقَوْمَ الْفَاسِقِينَ [التوبة: 24]

“Kung gayon, kayo ay maghintay hanggang sa ibaba ng Allah ang kanyang kapasyahan(pagpaparusa) At ang Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na Al-fasiqun (palasuway sa Allah).”

Tunay na walang halaga para Allah ﷻ ang gawain ng sinumang kinamuhian ang mga mga minahal ng Allah ﷻ o minahal ang mga kinamuhian ng Allah ﷻ, Sinabi ng Allah:

ذَلِكَ بِأَنَّهُمْ كَرِهُوا مَا أَنْزَلَ اللَّهُ فَأَخْبَطَ أَعْمَالَهُمْ [محمد: 9]

“Iyan ay sa dahilang kanilang kinamuhian ang anumang ibinaba o ipinahayag ng Allah, kaya Kanyang hinayaang mawalan ng halaga ang kanilang mga gawa.

At Sinabi pa ng Allah ﷻ:

ذَلِكَ بِأَنَّهُمْ اتَّبَعُوا مَا أَسْخَطَ اللَّهُ وَكَرِهُوا رِضْوَانَهُ فَأَخْبَطَ أَعْمَالَهُمْ [محمد: 28]

“Iyan ay sa dahilang kanilang sinunod ang anumang ikinagalit ng Allah at kanilang kinamuhian ang anumang kanyang ikinalulugod. Kaya, kanyang ginawang walang halaga ang kanilang mga gawa”

At ang talatang ito ay tumutukoy sa mga hindi mananampalataya sapagka't kanilang kinamuhian ang mga batas na ibinaba ng Allah ﷻ sa kanyang Sugo kaya't sila ay sinisi ng Allah ﷻ sa kanilang ginawa at pinawalang halaga ang kanilang gawa.

Ang pagmamahal sa mga bagay na kinamuhian ng Allah ﷻ, at ang pagkamuhi sa mga bagay na ninanais ng Allah ay kabilang sa pangunguna o lubos na pagmamahal sa mga bagay kaysa sa Allah ﷻ at sa kanyang Sugo ﷻ; sapagkat ang gawaing ito ay hindi maaring mangyari maliban sa sinumang kanyang inuna ang pagmamahal sa iba kaysa sa Allah ﷻ at sa Kanyang Sugo, kung tunay niyang lubos na mahal ang Allah at ang Kanyang Sugo, tunay na kanyang uunahin ang pagmamahal sa Allah at sa kanyang Sugo kaysa sa lahat ng bagay, at kanyang kamuhian ang lahat na kinamuhian ng Allah.

Tunay na ang Pagmamahal ng mananampalataya sa Allah ﷻ ay may mga tanda at simbolo, at kabilang dito ang maging alinsunod ang kanyang Gawain sa katuruan ng Propeta ﷺ, Tunay na ang Sugo ng Allah ay hindi naghihikayat o nag-utos maliban na lamang na ito ay ninais ng Allah at pagkatapos Siya, At hindi nagbawal maliban na ito ay kinamuhian ng Allah at pagkatapos Siya. Sinabi ng Allah ﷻ:

إِنَّ هُوَ إِلَّا وَحْيٌ يُوحَىٰ [النجم: 4]

“At siya ay hindi nagsasalita mula sa kanyang sariling kagustuhan. Sapagka't itoy kapahayagan na ipinahayag sa kanya.”

قُلْ إِنْ كُنْتُمْ تُحِبُّونَ اللَّهَ فَاتَّبِعُونِي يُحْبِبْكُمُ اللَّهُ وَيَغْفِرْ لَكُمْ ذُنُوبَكُمْ وَاللَّهُ غَفُورٌ رَحِيمٌ [آل عمران: 31]

“Sabihin mo sa kanila O Muhammad! kung tunay ngang kayo ay nagmamahal sa Allah, magkagayon ako ay inyong sundin, at kayo ay mamahalin ng Allah at Kanyang patatawarin ang inyong mga kasalanan. At ang Allah ay lubos na Mapagpatawad at Maawain.”

Kaya't hiniling ko sa Allah ﷻ nawa'y patnubayan tayo sa matapat na pagsunod sa katuruan ng ating Propeta ﷺ.

قلت ما سمعتم وأستغفر الله العظيم لي ولكم، فاستغفروه، إِنَّهُ هُوَ الْغَفُورُ الرَّحِيمُ.

الخطبة الثانية:

الحمد لله رب العالمين، والعاقبة للمتقين، ولا عدوان إلا على الظالمين، أمّا بعد:

Mga Alipin ng Allah ﷻ! inyong alamin na ang ugat ng lahat ng kasalanan ay ang labis na pag-una at pagsunod ng tao sa kanyang sariling pagnanasa o kagustuhan kaysa sa kagustuhan ng Allah ﷻ at ng kanyang Sugo. Sinabi ng Allah ﷻ:

أَفْرَأَيْتَ مَنِ اتَّخَذَ إِلَهَهُ هَوَاهُ وَأَضَلَّهُ اللَّهُ عَلَىٰ عِلْمٍ وَخَتَمَ عَلَىٰ سَمْعِهِ وَقَلْبِهِ وَجَعَلَ عَلَىٰ بَصَرِهِ غِشَاوَةً فَمَنْ يَهْدِيهِ مِنْ بَعْدِ اللَّهِ ۗ أَفَلَا تَذَكَّرُونَ [الجاثية: 23]

يَهْدِيهِ مِنْ بَعْدِ اللَّهِ ۗ أَفَلَا تَذَكَّرُونَ [الجاثية: 23]

“Nakikita mo ba O Muhammad! Siya na itinuring niya ang kanyang pagnanasa(kagustuhan) bilang kanyang Diyos na sinasamba, at siya ay hinayaan ng Allah na maligaw batay sa kanyang kaalaman tungkol sa tunay niyang hanagrin at sinarahan ang kanyang pandinig at ang kanyang puso at nilagyan ang kanyang paningin ng takip.”

At binigyan ng Propeta ﷺ ng paliwanag ang talatang ito kanyang sinabi:

" لا يعرف معروفاً ولا ينكر منكراً، إلا ما أشرب من هواه" (متفق عليه)

“hindi nila kinikilala ang tama(kabutihan) ay tama(kabutihan) at ang mali(kasalanan) ay mali (kasalanan)maliban kung ano ng inutos ng kanilang pagnanasa.”

Tunay na ang Pagsunod sa pagnanasa sa sarili ay siyang dahilan ng kaligawan , pagkasawak at hidwaan, At ang Pagsunod sa katotohanan ay dahilan upang maging matuwid sa Relihiyon, mapabuti ang kalagayan dito sa mundo at sa kabilng buhay,at makamait ang katiwasayan at tagumpay.

Ang katotohanan kapag ito ay hindi naging basihan at hindi nasunod tunay na ang magiging kapalit na basihan at masusunod ay walang iba kundi ang Pagnanasa o kagustuhan ng sarili, at ito ang dahilan ng lahat ng pagsubok at problema, Sinabi ng Allah ﷻ:

وَلَوْ اتَّبَعَ الْحَقُّ أَهْوَاءَهُمْ لَفَسَدَتِ السَّمَاوَاتُ وَالْأَرْضُ وَمَنْ فِيهِنَّ ۗ بَلْ أَتَيْنَاهُمْ بِذِكْرِهِمْ فَهُمْ عَنْ ذِكْرِهِمْ

مُغْرَضُونَ [المؤمنون: 71]

“At kung sinunod ng Katotohanan ang kanilang mga pagnanasa, tunay na mawawasak ang mga kalangitan at kalupaan at kung anuman ang napapaloob dito,”

Tunay na ang tao ay magpakailanman ay mahina at may pagkukulang kahit na sabihin niya na siya ay tama at ang kanyang pagnanasa ay hindi magdadala sa kanya sa kabutihan maliban na lamang na ito ay alinsunod sa katotohanan, at ang katotohanan na tinutukoy ay ang Relihiyong Islam na dumating sa Propeta Muhammad ﷺ. Kaya’t sinabi ng Sugo ng Allah ﷻ:

(لا يؤمن أحدكم حتى يكون هواه تبعاً لما جئت به)

“Tunay na hindi magiging kompleto ang pananampalataya ng bawat isa sa inyo hanggang ang kanyang pagnanasa(sariling kagustuhan) ay alinsunod sa anumang dumating sa akin.”

At Sinabi ng Allah ﷻ:

فَإِنْ لَمْ يَسْتَجِيبُوا لَكَ فَاعْلَمْ أَنَّهَا يَتَّبِعُونَ أَهْوَاءَهُمْ وَمَنْ أَضَلُّ مِمَّنِ اتَّبَعَ هَوَاهُ بِغَيْرِ هُدًى مِنَ اللَّهِ إِنَّ اللَّهَ

لَا يَهْدِي الْقَوْمَ الظَّالِمِينَ [القصص: 50]

“Ngunit kung sila ay hindi makatugon sa iyo O Muhammad! magkagayon dapat mong malaman na sila ay sumusunod lamang sa kanilang mga sariling pagnanasa.”

Mga Alipin ng Allah ﷻ! kabilang sa mga bagay na napapaloob sa tapat at lubos na pagmamahal sa Allah ﷻ at sa kanyang Proeta ﷺ ang pagsunod sa lahat ng kanilang pinag-utos at pag-iwas sa lahat ng kanilang ipinagbawal malaki man ito o maliit, na maykasamang pagpupursige, pagmamahal, at pagkalugod dito, Sinabi ng Allah ﷻ:

إِنَّمَا كَانَ قَوْلَ الْمُؤْمِنِينَ إِذَا دُعُوا إِلَى اللَّهِ وَرَسُولِهِ لِيَحْكُمَ بَيْنَهُمْ أَنْ يَقُولُوا سَمِعْنَا وَأَطَعْنَا وَأُولَئِكَ هُمُ

الْمُفْلِحُونَ [النور: 51]

“Ang tanging sinasabi ng mga Tunay na Mananmpalataya kapag sila ay inaanyayahan tungo sa Allah at sa Kanyang Sugo upang humatol sa kanilang pagitan, sila ay nagsasabing: Aming naririnig at aming susundin. At sila yaong mga magtatagumpay.”

At Kabilang din sa mga bagay na dapat gampanan sa pagmamahal sa Allah ﷻ at sa kanyang Sugo ay ang mahalín ang kanyang mga Anghel, Mga Sugo at Propeta ng Allah ﷻ, mga

Makatotohan, mga Martir, at mga mabubuting tao, at ang pagtahak sa kanilang landas, at pagtulong sa kanila, Sinabi ng Allah ﷻ:

وَاصْبِرْ نَفْسَكَ مَعَ الَّذِينَ يَدْعُونَ رَبَّهُمْ بِالْغَدَاةِ وَالْعَشِيِّ يُرِيدُونَ وَجْهَهُ ۗ وَلَا تَعْدُ عَيْنَاكَ عَنْهُمْ تُرِيدُ زِينَةَ

الْحَيَاةِ الدُّنْيَا ۗ وَلَا تُطِعْ مَنْ أَغْفَلْنَا قَلْبَهُ عَن ذِكْرِنَا وَاتَّبَعَ هَوَاهُ وَكَانَ أَمْرُهُ فُرُطًا [الكهف: 28]

“At panatilihin mo ang iyong Sarili O Muhammad! sa pagtitiis kasama yaong mga nananalangin sa kanilang Panginoon sa umaga at hapon, kanilang hinahangad ang kanyang Mukha(lugod).

At Sinabi ng Propeta ﷺ:

(من أحبَّ الله وأبغض الله وأعطى الله ومنع الله فقد استكمل الإيمان)

“At kung Sinuman ang nagmahal para sa Allah ﷻ at nagalit para sa kanya, nagbigay para sa kanya, at nagpigil para sa kanya, tunay na nakompleto niya ang Pananampalataya.”

Ang pagmamahal sa Allah ﷻ ang siyang basihan at ugat ng lahat ng pagmamahal, tunay na siya ang Allah ﷻ ang nag-iisa na marapat lamang samabahin at mahalín, at ang pagmamahal sa ibang bagay ay bahagi lamang ng pagmamahal sa kanya at kabilang sa mga sanga nito.